

**ELL MATRICES mula Ika 8-12 baitang**

Pangalan: \_\_\_\_\_

Student #: \_\_\_\_\_

Aspekto	ANTAS 1 (Simula)	ANTAS 2 (Nagdidebelop)	ANTAS 3 (Lumalawak)	ANTAS 4 (Tumatatag)
<b>Pakikinig</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Limitadong pag-unawa</li> <li>• may katagalan bago makasagot</li> <li>• -maaaring makasunod sa mga simpleng pasalitang pagtuturo at sa pamamagitan ng mga kilos ng guro</li> <li>• -maaaring makatugon sa pamamagitan ng mga dikta ng guro</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• nauunawaan ang mga simple at kongkretong mga salita, parirala, at mga pangungusap, na may pag-uulit</li> <li>• kailangang maghintay bago makasagot sa mga tanong</li> <li>• -maaaring maunawaan ang mga simpleng tanong at sagot</li> <li>• -nahihirapang sumunod sa sinabi, kahit mabagal ang pagkakabigkas</li> <li>• nangangailangan ng malawak na suporta sa pag-unawa ng nilalaman/ wikang pang-akademiko</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• nagsisimulang maunawaan ang mga kawikaán at talinghaga, na may pagsuporta</li> <li>• nangangailangan ng mas maikling panahon bago sumagot</li> <li>• -nauunawaan ang ilang talakayan ng guro at mga mag-aaral</li> <li>• -nauunawaan ang pamilyar na wika, na sinasalita sa isang normal na bilis</li> <li>• nangangailangan ng suporta sa pag-unawa ng nilalaman / wikang pang-akademiko</li> <li>• nangangailangan ng suporta sa pag -unawa ng mga kumplikadong istraktura ng pangungusap</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• nauunawaan ang mga kolokyal na salita, mga kawikaán at talinghaga, na may pagsuporta</li> <li>• kaunting panahon lang ang kailangan bago makasagot</li> <li>• nauunawaan ang karamihan ng mga pagtalakay sa silid-aralan</li> <li>• nangangailangan ng kaunting suporta sa pag-unawa ng nilalaman / wikang pang-akademiko</li> <li>• nauunawaan ang iba't-ibang mga kumplikadong istraktura ng pangungusap</li> </ul>
<b>Pagsasalita</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• may limitadong bokabularyo ng mga kongkretong bagay, mga isahang salita at/ o parirala</li> <li>• nag-uulit ng mga salita</li> <li>• Patigil-tigil at putol-putol ang pananalita na madalas na gumagamit ng mga L1 na salita at parirala</li> <li>• hindi mabigkas ang ilang mga English na tunog</li> <li>• nagsisimula nang makipag-usap tungkol sa personal at mga pang-survival na pangangailangan</li> <li>• madalas na tahimik</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• gumagamit ng limitadong bokabularyo, nakakaligtaan ang mga salita at katapusan ng mga salita</li> <li>• Nag-aalinlangan sa pagsasalita, iniiba ang paghahanay at naghahanap ng ibang mga salita at gumagamit ng kaliguyan o circumlocution</li> <li>• isinasama ang L1 na istraktura sa English na diskurso (code switching)</li> <li>• mahinang pagbigkas na maaaring makasira sa komunikasyon</li> <li>• nagtatanong at sumasagot sa mga simpleng tanong; nakapag-uulit ng isang kuwento o karanasan</li> <li>• nagsisimulang lumahok sa maliit na grupo at mga magkapatres na pagtalakay; maaaring maging tahimik</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• gumagamit ng malawak na bokabularyo, kabilang ang content-specific na wika, kolokyal, kawikaán at talinghaga, na may pagsuporta</li> <li>• maaaring gumamit ng kaliguyan</li> <li>• mas kakaunti na ang ginagamit na L1 structures sa English na diskurso</li> <li>• -Ang pagkakamali sa pagbigkas, gramatika at/o pagkaligta sa salita ay paminsan-minsan na nakakahadlang sa komunikasyon.</li> <li>• -nagsisimulang iwasto ang sarili</li> <li>• maaari nang magbigay ng mga maikling presentasyon</li> <li>• nakikilahok sa mga maliit na grupo ng pagtalakay, at sumusubok sa malaking talakayan ng grupo</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• gumagamit ng iba't-ibang bokabularyo, kabilang ang content-specific na wika, kolokyal, kawikaán at talinghaga, na may pagsuporta</li> <li>• gumagamit ng mga angkop o tamang salita</li> <li>• nagtatantiya ng mga English na diskursong pormularyo</li> <li>• ang pagbigkas ay bihira nang makahadlang sa komunikasyon</li> <li>• maaari nang magbigay ng mas mahabang content-based na presentasyon</li> <li>• nakikilahok sa mga talakayan sa silid-aralan, na may pagsuporta</li> </ul>
<b>Pagbabasa</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• binibigkas habang binabasa ang mga simpleng salita</li> <li>• nagdidebelop ng mga pamamaraan upang makatutulong sa pag-unawa (hal., sight words, pagrepaso ng bokabularyo)</li> <li>• nagsisimulang makaunawa sa pamamagitan ng mga paglalarawan, grapiks at print</li> <li>• nagsisimulang makahanap ng mga detalye sa simpleng teksto at sumagot ng mga literal na tanong</li> <li>• nagsisimulang magsabi ng simpleng salaysay mula sa binasa</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• nagsisimulang magbasa ng simpleng teksto nang nag-iisa</li> <li>• nagdidebelop ng mga pamamaraan na makatutulong sa pag-unawa (hal., context clues at salitang transisyon)</li> <li>• nagsisimulang maunawaan ang mga tahasang ideya ngunit maaaring hindi mapansin o maunawaan ang mga nagpapahiwatig na impormasyon (implied information).</li> <li>• nagsisimulang maunawaan ang mga simpleng content-based na mga materyales at sumagot ng mga literal na tanong</li> <li>• nagsisimulang humula at magbigay-pakahulugan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• nagsisimulang magbasa ng iba't-ibang mga materyales (kathambuhay, di-kathambuhay, internet)</li> <li>• nagdidebelop ng mga pamamaraan na makatutulong sa inperensyal na pag-unawa (inferential comprehension)</li> <li>• nauunawaan ang ilan sa mga tahasang ideya at maaaring magsimulang mapansin o maunawaan ang mga nagpapahiwatig na impormasyon (implied information)</li> <li>• nauunawaan ang mas maraming kumplikadong teksto</li> <li>• nangangailangan ng suporta upang humula at magbigay-pakahulugan</li> <li>• may kakayahan na iugnay sa sariling karanasan ang mga materyal na madaling basahin sa pamamagitan ng pagtalakay sa klase, aklat-talaan o response journals</li> <li>• sa pagbigay ng pagmomodelo at pagdikta, nagsisimula nang kumuha ng mga talá at magbuod</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• nagsisimulang magbasa ng kumplikadong teksto, kasama ang kritikal o inperensyal na pagbabasa, na may pagsuporta</li> <li>• nagdidebelop ng mga pamamaraan tungo sa kritikal at evaluative comprehension</li> <li>• nauunawaan ang karamihan sa mga tahasang ideya ngunit maaaring kailangan pa rin ng tulong sa pag-unawa ng mga nagpapahiwatig na impormasyon (implied information)</li> <li>• -nagsisimulang tumukoy ng mga pangunahing ideya at mga susing paksa sa mga teksto ng antas ng grado</li> <li>• -nagsisimulang tumukoy ng mga tularán ng organisasyon ng teksto upang kumuha ng impormasyon, na may pagsuporta</li> <li>• nangangailangan ng patuloy na suporta upang humula, magtasa at magbigay-pakahulugan</li> <li>• nagsisimulang iugnay sa sariling karanasan ang pagbasa ng mas kumplikadong materyal (sa pamamagitan ng mga pagtalakay, debate, mapanghikayat na pagsulat, pananaliksik)</li> <li>• nagsisimula nang kumuha ng mga talá at magbuod ng teksto ng nag-iisa</li> </ul>

## Pagsulat

<b>Kahulugan</b> ✓ mga ideya ✓ impormasyon ✓ detalye	<ul style="list-style-type: none"> <li>mga paksang pinag-uusapan ay hinahadlangan ng limitadong bokabularyo</li> <li>kulang ang resulta o output; walang pagpapaliwanag</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>sumusubok na ipahayag ang mga ideya sa iba't-ibang paksa</li> <li>malinaw ang sentral na ideya, ngunit may posibleng palundag-lundag ng paksa, hindi tamang parirala at hindi kumpleto na pagpapaliwanag</li> <li>kulang na mga salita na nagpapalabo ng kahulugan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>kung may suporta, maaaring mabuo ang sentral na ideya sa pagsusulat</li> <li>kapag minomodelo, maaaring sumubok ng tumpak na kahulugan gamit ang mga kongkretong detalye ng pagpapahayag, mga halimbawa, at paliwanag</li> <li>pagkaligta sa salita na maaaring magpalabo sa kahulugan</li> <li>ang paghalo-halo ng wika ay maaaring manatili</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>nagpapahayag ng mga ideya na may higit na pagpapaliwanag, kabilang ang abstract na kaisipan</li> <li>sumusubok na iugnay ang nilalaman sa sariling ideya gamit ang content-specific na bokabularyo, nguni't ang mambabasa ay maaaring magpahiwatig ng pag-uugnay sa patuloy niyang pag-iisip</li> <li>bihira nang magpalabo ng kahulugan ang kulang na mga salita</li> <li>ang paghalo-halo ng wika ay paminsan-minsan na lang nakikita</li> </ul>
<b>Estilo / Bokabularyo</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>sari-saring-uri</li> <li>epekto</li> <li>kalinawan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>limitado at paulit-ulit na bokabularyo</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>simpleng bokabularyo na may paminsan-minsang salitang naglalarawan</li> <li>gumagawa ng hindi tamang pagpili ng mga salita</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>madalas na paggamit ng espesyal na bokabularyo, paglalarawan, at simbolismong wika (figurative language)</li> <li>maaaring gumawa ng hindi tamang pagpili ng mga salita</li> <li>kapag minomodelo, nagsisimulang gumamit ng pansalitaing pagpapahayag (idiomatic expressions)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>karaniwang tumpak ang bokabularyo at tugma sa kategorya ng pagsusulat</li> <li>maaring manatili ang paggamit ng hindi kailangan na mga salita (circumlocution)</li> <li>kung may suporta, maaaring gumamit ng simbolismo at idyomatikong wika</li> <li>gumagawa ng ilang personal na pagsusulat kung saan malinaw na nakikita ang tinig ng manunulat</li> </ul>
<b>Anyo</b> ✓ pagsunod-sunod ✓ organisasyon	<ul style="list-style-type: none"> <li>ang pag-organisa at pagkasunod-sunod ng mga ideya ay maaaring mahina o hindi malinaw</li> <li>maaring gumamit ng ilang pangatnig (at, ngunit, o)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>kailangan ng suporta ng graphic organizers para makasulat ng maliwanag na talata</li> <li>nagsisimulang gumamit ng mas maraming mga pangatnig (at, ngunit, o, dahil, kaya, dahil sa)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>nagsisimulang hatiin ang gawaing panulat sa talata</li> <li>patuloy na nangangailangan ng tulong sa paggawa ng buo at malinaw na pagsunod-sunod na mga talata</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>-nagsisimulang magsulat ng mga magkakaugnay na talata, na sinusupportahan ng mga detalye</li> <li>-nagsisimulang gumamit ng ang ayos ng sanaysay(essay)</li> <li>Naglalagay ng dugtong sa pagitan ng mga seksyon o talata, na may ilang pagkakamali</li> </ul>
<b>Convention</b> ✓ Subject-verb agreement ✓ Capitalization (paggamit ng capital na titik) ✓ punctuation (pagbabantas) ✓ spelling (pagbaybay) ✓ prepositions (pang-ukol) ✓ articles (artikulo) ✓ plurals (maramihan) ✓ atbp.	<ul style="list-style-type: none"> <li>Karamihan ng sinusulat ay parirala (phrases) o patterned sentences</li> <li>Nagsisimulang maging maalam tungkol sa writing conventions</li> <li>gumagamit madalas ng simpleng pangkasalukuyan</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>nakakasulat ng simpleng pangungusap; pero maliwanag na may kasamang putol-putol o di maliwang na pagpapahayag</li> <li>tuloy-tuloy na gumagamit ng “writing conventions”, ngunit maaaring makaligtaan ang mga pang-ukol, artikulo at salitang pangmaramihan</li> <li>nagsisimulang gumamit ng iba't-ibang pandiwang panahunan ngunit madalas nagkakamali</li> <li>nagkakaroon ng pagkakamaling mekanikal at gramatikal na minsan ay nagpapalabo o bumabawas sa kahulugan ng sinusulat</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>nakakasulat ng mga simple at tambalang pangungusap; maaaring ding sumubok ng mga kumplikadong pangungusap</li> <li>Nadadaliang gumamit ng “writing conventions”</li> <li>patuloy na nagkakamali sa paggamit ng panahunan</li> <li>literal na pagsasalin ng L1 na pag-iisip ay nakahahadlang sa kalalabasan ng L2</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Tuloy-tuloy na gumagamit ng tambalan at mga kumplikadong pangungusap</li> <li>nakakagawa ng paminsan-minsang pagkakamali sa convention/ gramatika</li> <li>gumagamit ng iba't ibang panahunan, pangngalang-diwa (gerunds)at infinitives na madalas ay wasto</li> <li>mas madalang na literal na pagsalin sa L2 output</li> </ul>

Petsa (buwan/araw/taon)	Pirma ng Guro	Kódigo (gumamit ng ibang simbolo o kulay ng haylayt para sa bawat taon)